

KAGAWARAN NG MGA SERBISYO SA PAG-UNLAD

1215 O Street, MS 7-40
Sacramento, CA 95814
TTY: 711
(833) 421-0061



Enero 13, 2022

PARA SA: MGA EXECUTIVE DIRECTOR NG REGIONAL CENTER

PAKSA: SELF-DETERMINATION PROGRAM – MGA PRODUKTO AT SERBISYO

Bilang pagtalima sa mga pangunahing prinsipyo ng Self-Determination Program (SDP), ang mga kalahok ay may awtoridad na kontrolin ang indibidwal na budget upang bumili ng mga kinakailangang serbisyo at suporta para makamit ang kanilang mga layunin para sa Indibidwal na Plano ng Programa (Individual Program Plan, IPP). Ang layunin ng sulat na ito ay para magbigay ng dagdag na patnubay tungkol sa mga produkto at serbisyo sa SDP.

Pagpapasya kung maaaring isama ang gastos sa Budget ng SDP

Bago magsama ng anumang produkto o serbisyo sa isang indibidwal na budget o plano ng paggasta sa SDP, dapat malinaw muna sa team sa pagpapalano kung paano tinutugon ng produkto o serbisyo ang tinukoy na pangangailangan o layunin sa IPP. Nagbibigay ng detalyadong impormasyon ang Kalakip A tungkol sa kung paano matutukoy ng kalahok at ng team sa pagpapalano kung ang isang produkto o serbisyo ay nakakatugon sa isang pangangailangan o layunin sa IPP.

Tulad ng nakasaad sa direktiba ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad noong [Enero 11, 2019](#) tungkol sa indibidwal na budget at plano ng paggasta, maaari lang magamit ang mga pondo ng SDP para sa mga produkto at serbisyo na:

- inaprubahan ng pederal na Mga Sentro para sa mga Serbisyo ng Medicare at Medicaid; at,
- hindi makukuha sa pamamagitan ng iba pang mga mapagkukunan ng pondo (hal., Medi-Cal, In-Home Supportive Services, mga paaralan, atbp.)

Gayunpaman, sa ilang pagkakataon, maaaring kailanganin ng mga konsumidor ang karagdagang produkto at serbisyo na hindi kasama sa pinopondohan ng indibidwal na budget upang suportahan ang kanilang IPP. Nagbibigay ang Kalakip B ng patnubay sa mga produkto at serbisyo na maaaring pondohan ng indibidwal na budget sa plano ng paggasta, pati na rin kung ano ang sasagutin sa labas ng indibidwal na budget.

"Bumubuo ng mga Partnership, Sumusuporta sa mga Pagpili"

MGA EXECUTIVE DIRECTOR NG REGIONAL CENTER
Enero 13, 2022
Pahina dalawa

Pagtukoy ng Pagtatalaga ng Serbisyo (Participant-Directed Goods and Services)

Pinahihintulutan ng SDP ang isang uri ng serbisyo na tinutukoy bilang "Participant-Directed Goods and Services." Naglalaman ang Kalakip C ng flow chart na nilalayon para tumulong sa team sa pagpapalano na matukoy kung kailan maaaring pondohan ang isang produkto o serbisyo sa pamamagitan ng Participant-Directed Goods and Services, Service Code 333.

Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa sulat na ito, mangyaring makipag-ugnay sa sdp@dds.ca.gov.

Taos-puso,

MARICRIS ACON
Deputy Director
Dibisyon ng mga Programang Pederal

Mga Kalakip

cc: Mga Administrador ng Regional Center
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Konsumidor ng Regional Center
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Komunidad ng Regional Center
Asosasyon ng mga Ahensya ng Regional Center
Konseho ng Estado sa mga Kapansanan sa Pag-unlad
Nancy Bargmann, DDS
Brian Winfield, DDS